Republika ng Pilipinas
KAGAWARAN NG INTERYOR AND LOKAL NA PAMAHALAAN
DILG-NAPOLCOM Center, EDSA corner Quezon Avenue, West Triangle, Quezon City
http://www.dilg.gov.ph

DEPARTMENT OF THE INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT
OFFICIAL RELEASED
Signature Mia
Date 01-16-18
Time 2:55 PM
RECORDS SECTION

# IMPLEMENTASYON NG KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP BLG. 335 NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Memorandum Sirkular Bilang 2018-03
Enero 16, 2018

---

## 1.0 Sanligan

1.1. Itinakda ng Batas Republika Bilang 7104 na ang Komisyon sa wikang Filipino (KWF) ay magsagawa, mag-ugnay at magtaguyod ng mga pananaliksik at pag-aaral para sa pagpapaunlad, pagpapalaganap, at preserbasyon ng Filipino at ng iba pang wika sa buong kapuluan.

## 2.0 Layunin

Ang Komisyon sa Wikang Filipino ay maglulunsad ng malawakang IMPLEMENTASYON NG KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP (EO) 335 tungo sa mahusay at dekalidad na paggamit ng wikang Filipino sa lahat ng mga kagawaran, kawanihan, opisina, ahensiya, at instrumentalidad ng pamahalaan.

## 3.0 Saklaw

Sa mga Punong Lalawigan, Punong Lungsod, Punong Bayan, Punong Barangay, Punong Panrehiyon ng ARMM, Direktor Panrehiyon ng DILG at iba pang kinauukulan

## 4.0 Alituntunin at Patakaran

4.1. Hinihikayat ng tanggapang ito ang suporta at partisipasyon ng lahat ng Punong Lalawigan, Punong Lungsod, Punong Bayan, at Punong Barangay, kasama ang lahat ng kawani ng pamahalaang lokal, na lumahok sa **Seminar sa Pagsulat ng Korespondensya Opisyal** ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) na isasagawa sa iba't ibang panig ng bansa bilang bahagi ng pagpapatupad ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 335.

4.2. Ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 335 ay nag-aatas din sa lahat ng kagawaran, kawanihan, opisina, ahensiya, at instrumentalidad ng pamahalaan na magsagawa ng mga hakbang na kailangan para sa layuning magamit ang wikang Filipino sa opisyal na transaksiyon, komunikasyon at korespondensya.

4.3. Ang pagdalo ng kinatawan, sa seminar sa Korespondensya Opisyal, ay sisimulan sa buwan ng Enero hanggang Disyembre 2018, sa opisyal na oras at ang gastos para sa tranportasyon, pagkain at mga gagamiting "*handouts*" ay manggagaling sa pondo ng pamahalaang lokal sa pasubaling ito ay dadaan sa kaukulang pagtutuos at pag-aawdit.

## 5.0 Sanggunian

5.1 Liham mula kay Virgilio S. Almario, National Artist, Pangulo ng Komisyon sa Wikang Filipino

5.2 Executive Order Blg. 335, petsa Agosto 25, 1998

5.3 Republic Act Blg. 7104, petsa Agosto 14, 1991

## 6.0 Bisa ng Memorandum Sirkular

Ang Memorandum Sirkular na ito ay kaagad ipapatupad.

## 7.0 Pagsang-ayon ng Awtoridad

**EDUARDO M. AÑO**
Pinuno sa Katungkulan

DILG-OSEC 07012016-16208

## 8.0 Komentaryo

Para sa karagdagang detalye at iba pang impormasyon maaaring makipag-ugnayan sa Komisyon sa Wikang Filipino, kina Gng. Lourdes Z. Hinampas, Gng. Pinky Jane Tenmatay, at Gng. Miriam P. Cabila sa mga Telepono Blg. 252-1953/0929-8765856/0927-8531047/0942-9892458 o mag-email sa jinghinampas@gmail.com at pinkyjanes10matay@gmail.com.

BLGS:PCMD
MRF:NF